REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

## KAPASIYAHAN BILANG 90-145

KAPASIYAHAN HINGGIL SA INIHAING "RETIREMENT CLAIM" NI DATING HUKOM RODOLFO T. ALLARDE, NG METROPOLITAN TRIAL COURT, MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA SA KABUUANG HALAGANG ₱240,000.00 BILANG BAHAGI NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA SAKALI MAN O SA ILALIM NG PAGKAKAROON NG NAKALAANG PONDO (SUBJECT TO AVAILABILITY OF FUNDS).

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, si RODOLFO T. ALLARDE ang dating presiding judge ng Metropolitan Trial Court, Branch LXXX na nakatalaga sa Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, si Judge Rodolfo T. Allarde ay nag file ng kanyang retirement claim na inaprubahan ng Kataas-taasang Hukuman noong Hulyo 11, 1989;

SAPAGKAT, sa isang liham petsa Marso 26, 1990 mula sa Tanggapan ng Badyet, sa pamamagitan ni Budget Officer Teofilo B. Osorio ay nagpapahayag ng walang pagtutol sa pagbabayad ng retirement benefits kay Judge Rodolfo T. Allarde;

SAPAGKAT, si Judge Rodolfo T. Allarde ay may karapatan alinsunod sa liham na mula kay Marina Santa Maria, chief, Social Insurance Department I ng Government Service Insurance System (GSIS) sa halagang ₱240,000.00 bilang retirement gratuity na babayaran ng pamahalaang bayan bilang bahagi nito sa retirement benefits ni Judge Rodolfo T. Allarde sakali man o sa ilalim ng pagkakaroon ng nakalaang pondo (subject to availability of funds);

NGAYON, DAHIL DITO, ANG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA ay napagpasyahan at pinagpasyahan pang muli na ang halagang ₱240,000.00 ay ilaan mula sa Tanggapan ng Ingat-Yaman ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa upang bayaran ang retirement gratuity ni Judge Rodolfo T. Allarde at magkakabisa sa pagpapatibay ng kapasiyahang ito sa ilalim ng pagkakaroon ng nakalaang pondo (subject to availability of funds).

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA, sa kanilang pang-102nd pangkaraniwang pulong ngayong ika-16 ng Abril, 1990.

PINAGTIBAY :

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN :

Mggl. RAUL R. CORRO
Pambayang Kalihim

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

INISPONSOR NI KGG. NEMESIO O. MOZO

Mga sumang-ayon:

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Kgg. ROMAN E. NIEFES
Kgg. ROGER C. SMITH
Kgg. VICENTE Y. CHUA
Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Kgg. NEMESIO O. MOZO
Kgg. NOLASCO L. DIAZ

Abstain:
Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO

HINDI DUMALO:
KGG.E.BULAY AT KGG. E.ESPELETA